

Mateo 6:9-13

"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo. ¹⁰Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa. ¹¹Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw. ¹²**At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.** ¹³At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama." (Ang Biblia)

Panimula (5 mins)

1. Kung oobserbahan mo ang pananalangin ng ibang tao at kahit sa sarili mong panalangin, ano ang mas mahalaga para sa atin – matugunan ang mga pisikal na pangangailangan o espirital? Bakit kaya ganito?

Tulay sa Pagsasaliksik: Maraming tao ang nananalangin upang matugunan ang kanilang mga pisikal na pangangailangan. Ngunit marami ay dito na lang nahihinto. Nakakalimutan na na mas malaking pangangailangan ang kanilang dapat bigyan ng solusyon – ang problema ng kasalanan. At ang solusyon dito ay ang kapatawaran ng Diyos at ang kanyang proteksiyon laban sa tukso at gawa ng kaaway. Ito ang ikalima at ika-anim na hiling sa *Lord's Prayer*. Ngayon ay pag-aaralan natin ang ikalima, "At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin."

Pagsasaliksik (25-30 mins)

2. Ang salitang "at" ang nagdudugtong sa ika-apat at ikalimang hiling at nagpapakita ito ng malapit na koneksiyon ng dalawa na hindi natin puwedeng paghiwalayin. Ano ang koneksiyon na ito na gustong ipakita ni Jesus?

3. Ipinapakita sa kabuuan ng *Lord's Prayer* na sa Diyos lamang tayo umasa upang matugunan ang lahat ng bagay na kailangan natin. Sa ikalimang hiling, anong pangangailangan ang dapat sa Diyos lamang natin iasa upang matugunan ito? At bakit mayroon tayong kumpiyansa na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan kung tayo ay lalapit sa kanya na tunay ang pagsisisi? Tingnan ang I Juan 1:9.

4. Ano ang "utang" natin sa Diyos? Tingnan din ang Lukas 11:4 at Mateo 6:14-15. Gaano kalaki ang "utang" na ito? Kaya ba nating bayaran ito? Sa paanong paraan pilit binabayaran ito ng mga tao?

5. Tingnan ang Colosas 2:13-14 at Efeso 1:7. Paanong ang mga Cristiano ay pinatawad na ng Diyos? Ayon sa Micah 7:18-19 at Awit 103:11-12, anong klaseng pagpapatawad ang ginawa ng Diyos?

6. Kung tayo'y pinatawad na, bakit pa tayo dapat humingi ng tawad sa araw-araw? Kung gayon, ano ang isang praktikal na bagay na dapat nating gawin sa araw-araw?

7. Ano ang kahulugan ng "gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin"?¹ Paano ito nagbibigay ng kumpiyansa sa paglapit natin sa Diyos (v. 14)? Paano naman ito nagsisilbing babala sa mga taong hindi nagpapatawad ng iba (v. 15)?

8. Maaari bang maging totoo ang paghingi natin ng tawad sa Diyos kung wala naman 'yung puso natin na handang magpatawad sa iba? Paano ito isinalarawan sa talinghaga ni Jesus sa Mateo 18:23-35? Tingnan din ang Colosas 3:12.

Pagsasabuhay (15 mins)

9. Sa isang pirasong papel, isulat ang isang kasalanan na nais mong ihingi ngayon ng tawad sa Diyos. Kung kaya mo itong ibahagi sa grupo, gawin mo. Pagkatapos ay magkaroon ng sama-samang pananalangin ng pagsisisi at paghingi ng tawad.

10. Mayroon ka bang nakagalit nitong mga nakaraang araw na hindi pa naaayos? Ano ang gagawin mo? Hilingin sa Diyos ang pusong mapagpatawad at pusong mapagpakumbaba upang humingi ng tawad.

¹ Hindi ibig sabihin nito, "Lord, tularan mo kami. Kung kami nga nagpapatawad, dapat ikaw din." Hindi ganoon! Ibig sabihin, "Lord, biyaya mo rin na kami ay magkaroon ng pusong nagpapatawad sa iba. Isa itong patunay na kami ay tunay na mga anak mo ("Blessed are the peacemakers, for they shall be called sons of God," Mt. 5:9). Kaya alam namin na kami'y patatawarin mo sa aming nagawang kasalanan." We are confident that he will forgive because God's forgiveness of us is reflected in our forgiving of others.

Kung papansinin mo ang haba ng oras at laki ng effort na ibinubuhos ng maraming tao sa mga bagay-bagay, makikita mong ang pinagtutuunan nila ng pansin ay ang problema kung paano matutugunan ang mga pisikal na pangangailangan. Ano ang kakainin, ano ang isusuot, paano makakabayad sa mga pinagkakautangan, paano pag-aaralin ang anak, paano bibigyan ng solusyon ang problema sa ekonomiya. Sa mga bagay na katulad niyan, nakita natin noong nakaraang Linggo na dapat sa Diyos lamang tayo umasa upang tugunan ang lahat ng kailangan natin. "Give us this day our daily bread." Ngunit hindi lamang tayo dito hihinto. May mas malaki pang pangangailangan na dapat nating ilapit sa Diyos. Hindi lang pagkain, kundi patawad sa kasalanan. Hindi lang pisikal kundi lalo na ang espirital na pangangailangan. Hindi ito mapapasaatin kung wala ang kapatawaran sa kasalanan.

Makikita ito sa koneksiyon na "at" sa pang-apat at panglimang hiling sa Lord's Prayer. "Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw. *At* patawarin mo kami sa aming mga utang" (sa MBB, "kasalanan"). Maganda ang komento ni Arthur W. Pink tungkol dito. Sinabi niya na malapit ang koneksiyon ng dalawang ito dahil sa ilang mga praktikal na konsiderasyon. Una, kung walang patawad, lahat ng mga mabubuting bagay sa buhay natin ay wala ring kabuluhan. Ang isang lalaking nasa death row ay pinapakain at dinaramtan, ngunit ano ba ang masasarap na pagkain at mga magagarang damit kung naghihintay naman sa kanya ang malapit nang bitay? Gaya nga ng sabi ni Matthew Henry na para tayong pinatatabang hayop lang na maya-maya ay kakatayin din.

Ikalawa, ipinapakita sa atin na napakarami at napakagrabe ng ating mga kasalanan kaya't isang subo lang ng kanin ay hindi natin karapat-dapat tanggapin mula sa Diyos. Ang mga kasalanan natin ang bumubura sa mga pagpapalang dapat ay nakalaan sa atin. Ikatlo, ang mga kasalanan natin ay isang napakalaking hadlang sa mga pagpapalang nakalaan sa atin. Ito ang bumabara sa daluyan ng pagpapala ng Diyos. We pray not just for God to "give" but also for God to "forgive." (Arthur W. Pink, *The Lord's Prayer*)

It teaches us to depend on only for our daily physical needs, but also for our daily need of forgiveness from God. The Lord's Prayer teaches us total dependence on God. Makakaasa tayo sa kanya dahil siya ang ating makapangyarihan at mahabaging Ama, "Our Father in heaven." We must depend on God's grand purpose, "Hallowed be your name." We must depend of God's global (and cosmic) program, "Your kingdom come." We must depend on God's good pleasures, "Your will be done." We must depend on God's generous provisions for our daily physical needs, "Give us this day our daily bread." At ngayon, makikita natin na kailangan tayong umasa sa Diyos sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan, God's gracious pardon, "Forgive us our debts (or sins)."

Tandaan natin, kailangan nating hilingin ang awa ng Diyos na magpatawad sa atin. Ito ang malaking balakid na humahadlang upang maranasan natin ang tunay na

kagalakan sa buhay. Ito ang humahadlang kung bakit hindi natin nararanasan ang mga biyayang espirital na nakalaan sa kanyang mga anak. Kahit ang mga pagpapalang pisikal ay hindi nagiging kasiya-siya dahil dito. Kung kailangan natin ito, ano ang basehan ng kumpiyansa natin kaya tayo lalapit sa kanya upang humingi ng tawad? His grace! We do not deserve it. Our confidence is in his grace to forgive. We have no claim for his forgiveness. We must be totally dependent on God's grace to forgive. Saan natin ito makikita?

Granted Pardon. Una, makikita natin ito sa kapatawarang *tinanggap na* natin. We are confident that he will forgive because God have already forgiven us in Christ. The pardon is already granted to us. Humihingi tayo ng tawad sa Diyos dahil tayo'y pinatawad na!

Malaki ang utang natin sa Diyos. Ito ang salitang ginamit dito, "At patawarin mo kami sa aming *mga utang*..." Sa MBB, ay ginawa nilang "kasalanan" ang salin. Tama naman dahil sa version ni Luke sa 11:4 ay "kasalanan" ang ginamit. Sin is a debt. Sa Mateo 6:14-15 ay "kasalanan" din ang ginamit, na sa English ay "trespasses" o "transgressions." Ang kasalanan ay isang pagsuway sa utos ng Diyos. At dahil may obligasyon tayo sa Diyos bilang nilikha niya, may utang tayo kung sumusuway tayo sa kanya.

At ang utang na ito ay hindi maliit. Araw-araw, natatambakan tayo ng utang. Hindi mo na kayang bayaran. Hindi ito katulad ng utang ninyo sa inyong credit card na puwede ninyong bayaran unti-unti buwan-buwan kahit pa may interest. Basta pagtiyagaan mababayaran din. Para kang isang ordinaryong manggagawa na may utang na 100 billion pesos. Kung 1,000 ang suweldo mo, 273,000 years ang kailangan mo bago ka makabayad. Hindi ito parang isang traffic violation lang na puwede mong pakiusapan ang traffic law enforcer para palusutin ka. Pagrebelde ito sa pamahalaan ng Diyos. Bitay ang dapat na parusa sa iyo. Hindi mo ito kayang bayaran. Your only way to pay it is to suffer eternally in hell, bearing the wrath of God. God's justice requires eternal punishment for debtors.

Ngunit may magandang balita, ang di natin kayang bayaran ang Diyos na mismo ang nagbayad sa pamamagitan ng kanyang Anak. At lahat ng pagkakautang natin ay burado na kung tayo'y kabilang sa mga nagsisisi at nagtitiwala kay Cristo. We can apply for pardon and God will grant it because of what Christ has accomplished on the cross for us. Paul wrote that "God made [us] alive together with [Christ], *having forgiven us all our trespasses, by canceling the record of debt* that stood against us with its legal demands. *This he set aside, nailing it to the cross*" (Col. 2:13-14). Burado na ang listahan ng utang natin. Kung 100 billion pesos ang utang natin, ngayon ay "0" na! Ngunit hindi lang 'yun, dahil sa laki ng biyaya ng Diyos, pinagbukas ka pa ng isang spiritual bank account sa langit na higit pa sa 100 billion pesos ang katumbas. "In him we have redemption through his blood, the forgiveness of our trespasses, *according to the riches of his grace*" (Eph. 1:7).

Alam ko na marami sa inyo ang naririto ngayon kasi alam ninyo kailangan ninyo ang Diyos. Maaaring iba-iba ang problema natin. Ngunit dapat ninyong malaman na pinakamalaking pangangailangan na dapat ninyong pagtuunan ng pansin bago ang lahat ay kung ikaw ba ay napatawad na sa iyong kasalanan. Tandaan mo na ang itinuturo ni Cristo sa panalanging ito ay totoo at malapit na relasyon sa Ama, "Ama naming nasa langit." At hindi mangyayari 'yan kung hindi ka pa humihingi ng tawad sa kanya.

Realized Pardon. At para sa ating mga nagsisi na at pinatawad na ng Diyos, alam nating napakalaking biyaya ang tinanggap natin mula sa Diyos. Ngunit huwag nating iisipin na dito natatapos ang biyayang ito. Makikita din natin ito, ikalawa, sa kapatawarang *patuloy na tinatanggap* natin. Patuloy itong tatanggapin kasi patuloy tayong nagkakaroon ng utang o kasalanan sa Diyos. Kailangan natin ito araw-araw dahil araw-araw pa rin tayong nagkakasala. Huwag mong iisipin na hindi mo na kailangang humingi ng tawad dahil pinatawad ka na noong unang nagsisi ka at sumampalataya kay Cristo. Totoo ngang pinatawad ka na ngunit kailangan mo itong patuloy na maranasan sa buhay mo. Ang panalanging itinuturo ni Cristo ay ang patuloy na paghingi ng tawad, "Patawarin mo kami," at hindi, "Pinatawad mo na kami."

The Christian life is a life of daily repentance. And if we repent daily, we are confident that he will forgive because God never stop forgiving his children. This pardon is realized in our daily experience with God. Noong sumampalataya tayo kay Cristo, naibalik ang nasirang relasyon natin sa Diyos. Ngunit tandaan natin na naapektuhan ang relasyong ito sa tuwing nagkakasala tayo kahit ngayong mga Cristiano na tayo. Sino sa atin ang magsasabing lalo siyang napapalapit sa Diyos kapag lalo siyang sumusuway sa utos niya? Dahil nais ng Diyos na sa panalangin ay lumapit tayo sa kanya, mahalaga ang araw-araw na pagsisisi. Sa tuwing nagkasala ka, magsisi ka. Bago ka matulog sa gabi, balikan ang mga ginawa mo ay suriin kung may utos ang Diyos na sinuway mo o may ipinagagawa siya na hindi mo ginawa. IHINGI MO ITO NG TAWAD SA KANYA.

Oo nga't makasalanan tayo at hindi na tayo dapat magpatuloy sa kasalanan. Ngunit dahil ang kasalanan ay nakikipaglaban pa rin sa atin, nahuhulog tayo. Ito ang gagamitin ng Kaaway upang sirain ang relasyon natin sa kanya. Mawawalan ka ng kumpiyansa sa Diyos at maaaring pagdudahan kung mapapatawad ka pa niya gayong dumarami ang utang mo sa kanya. 'Yan ang problema ng ilan sa inyo kung bakit ang iba'y nahihiyang sumamba kapag Linggo dahil feeling nila ay hindi karapat-dapat humarap sa Diyos dahil sa kasalanan. Totoong nakahahadlang ang kasalanan sa paglapit natin sa Diyos ngunit ang kanyang bukas na kamay na pagpapatawad ay dapat magbigay ng lakas ng loob sa ating lumapit dahil alam nating tatanggapin tayo. "If we confess our sins, he is faithful and just to forgive us our sins and to cleanse us from all unrighteousness" (1 John 1:9).

Kung magpatawad ang Diyos, wala siyang itinitirang "utang" para balang araw ay iharap at isumbat sa atin. "Wala nang ibang diyos na tulad mo, O Yahweh. Pinapatawad mo ang mga kasalanan ng mga nakaligtas sa bayan mong pinili. Hindi nananatili ang iyong galit magpakailanman. Sa halip ay ipinadarama mo sa kanila ang tapat mong pag-ibig. Muli mo kaming kaaawaan. Tatapakan mo ang aming mga kasalanan at ihahagis sa kalaliman ng dagat" (Micah 7:18-19 MBB). Nakakita ka ba ng nagtapon ng listahan ng utang sa ilalim ng dagat tapos isang araw ay sisisirin sa ilalim upang kuhanin uli at iharap sa korte bilang ebidensya para ipakulong ka? "For as high as the heavens are above the earth, so great is his steadfast love toward those who fear him; as far as the east is from the west, so far does he remove our transgressions from us" (Psalm 103:11-12). Kung isang milyon ang utang mo at binurang lahat iyon, kung magkautang ka kaya ng isandaang piso ay ipapakulong ka?

Maaaring ilan sa inyo ay may kasalanan ngayon na hindi pa naihihingi ng tawad sa kanya. Ito ang panawagan ng Diyos na pagsisihan ito. Aminin mong mali ka. Aminin mong sinunod mo ang sarili mo at hindi ang Diyos. Aminin mong lumalayo ang relasyon mo sa kanya dahil dito. Humingi ka ng tawad ngayon din at makatitiyak ka na hindi nauubos ang biyaya ng Diyos na magpatawad sa atin kung tayo ay tapat na magsisisi at hindi gagamiting dahilan ang kapatawaran ng Diyos upang magpatuloy sa kasalanan.

Extended Pardon. Napakalaki ng biyaya ng Diyos! Tinanggap na natin ang kapatawaran at kasama nito ay lahat ng pagpapalang espirituwal (Eph. 1:3). Araw-araw nagkakasala pa rin tayo, ngunit may katiyakan na may patawad pa ring nakalaan sa atin dahil sa ginawa ni Cristo para sa atin. Saan pa makikita ang biyayang ito? Ikatlo, makikita ito sa kapatawarang *iginagawad o ibimibigay* naman natin sa iba, bilang salamin ng pagpapatawad na ibinigay sa atin ng Diyos. Hindi natural sa atin ang magpatawad. Walang ibang dahilan kung bakit mayroon tayong pusong mapagpatawad dahil naranasan natin ang biyaya ng Diyos. At ito ang kumpiyansa natin na tuwing lalapit tayo sa Diyos at hihingi ng tawad at nakikita nating mayroon din tayong pusong nagpapatawad sa nagkakasala sa atin, nakatitiyak tayong patatawarin tayo.

Ito ang ipinapakita sa itinuro ni Jesus, "At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin." Hindi ibig sabihin nito, "Lord, tularan mo kami. Kung kami nga nagpapatawad, dapat ikaw din." Hindi ganoon! Ibig sabihin, "Lord, biyaya mo rin na kami ay magkaroon ng pusong nagpapatawad sa iba. Isa itong patunay na kami ay tunay na mga anak mo ("Blessed are the peacemakers, for they shall be called sons of God," Mt. 5:9). Kaya alam namin na kami'y patatawarin mo sa aming nagawang kasalanan." We are confident that he will forgive because God's forgiveness of us is reflected in our forgiving of others. Para 'yang isang anak na sinabi sa kanyang kapatid na nagkasala sa kanya, "Pinapatawad na kita dahil iyan ang itinuro sa atin ni Daddy. Ako nga pinatawad

niya, ikaw pa kaya hindi ko patawarin." Narinig 'yan ng Daddy niya. Kaya isang araw na lumapit ang kanyang anak sa kanya para mag-sorry, sa tingin mo ba'y hindi hiya patatawarin?

It gives us confidence in approaching God for forgiveness. "Sapagkat kung pinatatawad ninyo ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, patatawarin din naman kayo ng inyong Ama na nasa langit" (Mt. 6:14; cf. Mk. 11:24; Lk. 6:37). At the same time, it serves as a warning to those who have an unforgiving spirit. Kung ang puso mo ngayon ay puno ng hinanakit at hindi mo mapatawad ang iba, pakinggan mo ang sinabi ni Jesus sa sumunod na talata, "Ngunit kung hindi ninyo pinatatawad ang mga tao sa kanilang mga kasalanan, hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama sa inyong mga kasalanan" (6:15).

Ha? Bakit ganoon? Dahil ba hindi mapagpatawad ang Diyos? Hindi! Dahil ang pusong hindi nagpapatawad ay hindi rin tunay ang paghingi ng tawad. Receiving forgiveness and having an unforgiving spirit are mutually exclusive. Hindi pwedeng pagsamahin na tulad ng langis at tubig. Kung hindi ka nagpapatawad ng kapatid mo, na ang pagkakasala sa iyo ay hindi hamak na napakaliit kung ikukumpara sa pagkakasala mo sa Diyos, ipinapakita nitong hindi mo talaga nauunawaan ang pagpapatawad sa iyo ng Diyos.

Ito ang ipinapakita ng talinghaga ni Jesus sa Mateo 18:23-35. Ito ay tungkol sa alipin na may utang sa hari ng 10,000 talento na ang katumbas ay 150,000-200,000 na taong suweldo ng karaniwang manggagawa. Dahil siyempre hindi makakabayad, kahit sinabi pa noong alipin na babayaran niya, iniutos ng hari na siya'y ipagbili pati asawa at anak. Nagmakaawa siya at dahil sa habag ng hari, pinatawad ang utang. Ngunit nang siya naman ang makakita sa isa pang kapwa alipin na may utang sa kanya (isang daang denaryo, isandaang araw na sweldo). Kahit magmakaawa ito, hindi niya pinatawad at ipinakulong pa. "Kaya't ipinatawad siya ng kanyang panginoon, at sinabi sa kanya, 'Ikaw na masamang alipin! Ipinatawad ko sa iyo ang lahat ng utang na iyon, sapagkat nakiusap ka sa akin. Hindi ba dapat kang nahabag sa iyong kapwa alipin, kung paanong nahabag ako sa iyo?' At sa galit ng kanyang panginoon, ibinigay siya sa mga tagapagparusa hanggang sa magbayad siya sa lahat ng kanyang utang. Gayundin naman ang gagawin sa bawat isa sa inyo ng aking Ama na nasa langit kung hindi ninyo taos-pusong patatawarin ang inyong kapatid" (vv. 32-35). Hindi patatawarin ang hindi taos sa pusong nagpapatawad dahil hindi din naman taos sa puso ang paghingi ng tawad.

Ang pagpapatawad ng Diyos sa atin ay dapat na nag-uumapaw naman sa pagpapatawad natin sa iba. Hindi pwedeng hindi umapaw dahil nga sobra-sobra ang laki ng biyaya ng Diyos. "Magpatawaran kayo sa isa't isa, *kung paanong pinatawad kayo ng Panginoon*, ay gayundin naman ang inyong gawin" (Col. 3:12). "Lahat ng pait, galit, poot, pag-aaway, at paninirang puri ay inyong alisin, pati lahat ng kasamaan, at

maging mabait kayo sa isa't isa, mga mahabagin, nagpapatawad sa isa't isa, *gaya ng pagpapatawad sa inyo ng Diyos kay Cristo*" (Eph. 4:31-32).

"Pero ang hirap talagang magpatawad, ano ang gagawin ko? Ibig sabihin ba na hindi na ko patatawarin ng Diyos?" Mahirap talagang magpatawad, lalo na kung ang laki-laki talaga ng pananakit na ginawa sa iyo. Kaya nga ito "biyaya" kasi imposible para sa atin ngunit ibinigay ng Diyos. Lumapit ka sa kanya at humingi ng pusong mapagpatawad. Sa tingin mo ba't ipagkakait niya ito sa iyo gayong gusto niya na ang kanyang mga anak ay maging tulad ng kanilang Ama sa langit? God does not only grant forgiveness, he also grants a forgiving heart. A forgiven sinner has a forgiving heart. God's grace to forgive is also his grace to give us the heart to forgive.

Ask for forgiveness, and it will be given to you. Ask for a forgiving heart and it will also be given to you. Ask that others will also have a forgiving heart like the Father and like you as one of his children, and it will be given to them as well. That's our confidence.

Confident in God's Gracious Pardon. Ang kapatawaran ay biyaya ng Diyos. Biyaya dahil ito ay kapatawarang tinanggap na natin, at patuloy na tinatanggap natin, at siya namang iginagawad natin sa iba. We must be confident in God's gracious pardon.

Naalala ninyo ang istorya ng buhay ni ex-Capt. Geri Gambala? Dati siyang sundalo na nanguna sa pag-aaklas laban sa gobyerno sa pamamagitan ng coup d'etat noong 2003 sa Oakwood, Makati. Nahatulan ng double life sentence. Pagkatapos ng 5 taon, inamin ang kanilang kasalanan at nagrequest ng pardon mula sa Presidente. Dapat lang naman na makulong sila ngunit isang "act of grace" ang ginawa ng Presidente natin. Ngayon malaya na si Gambala at ilan sa mga kasama niya. Ngunit hindi lahat. Ang iba ay mayabang pa rin at inaakalang tama sila at walang kasalanan. I believe that his experience of being forgiven of his debts to the government and to God, most of all, gave him a humble and loving heart.

Hindi ba't ganoon din tayo? Rebeldeng pinatawad ng Diyos. Dahil pinatawad, nagpapatawad din naman sa iba. *Not asking for forgiveness is arrogance; asking for forgiveness is humility. Withholding forgiveness is hatred; extending forgiveness is love indeed.*

Dalangin ko na nagbigay ito sa inyo ng kumpiyansa o katiyakan na lumapit sa Diyos para sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan. Lumapit ka ngayon sa kanya. Tandaan mong binayaran na ni Cristo ang parusa sa iyong kasalanan. Kung may mga bagay pa sa iyong buhay na nais mong ilapit sa kanya upang ihingi ng tawad, gawin mo ngayon hindi bukas. Napakasagana ng biyaya ng Diyos, hindi lamang sa mga materyal na pangangailangan natin, lalung-lalo na sa pangangailangan natin mapalapit sa kanya. Aalisin niya ang lahat ng kailangan alising balakid upang maibalik tayo sa kanya. Boundless mercy! Boundless grace!